Dakilang Lumikha ay mananatiling nakatayo at matatag, na kailanman ay hindi matitinag.

## ANG TAO SA ILALIM NG "FITRAH"

Ang tao ay sumasailalim sa **Likas na pagsunod,** simula pa nang isilang siya ng kanyang ina, at siya ay nakasalig sa pagpapala at paggabay ng Allah (swt). Sa panahong ito, siya ay hindi sumusuway sa lahat ng kautusang itinakda ng Diyos sa kanya hanggang sa sapitin niya ang tamang gulang at kaisipan.

Sa bahaging ito ng buhay ng tao siya ay nasa ilalim ng tinatawag na "FITRAH" (Arabic) na ang kahulugan ay, Likas na pagsunod ng tao sa kalooban ng Diyos (Natural inclination of man to obey God). Ang kalagayang ito ng tao sa ilalim ng "FITRAH" ay hindi nawawala, nguni’t maaaring malihis, malayo o maligaw.

Sa dahilang ang bata ay wala pang lakas at hindi pa wasto ang kaisipan at talino upang pumili at magpasiya ayon sa kanyang sariling kagustuhan, siya ay sunud-sunuran lamang sa lahat ng nais gawin ng kanyang mga magulang, o mga taong nag-aruga at nagpalaki sa kanya. Ang mga tao sa kanyang paligid ang siyang may kakayahang mag-akay sa kanya sa tama o maling landas ng pagsamba.

Sa isang Hadith ni Propeta Muhammad (sas), siya ay nagsabi: "Ang bawa't sanggol ay ipinanganak sa ilalim ng FITRAH, nguni't ginawa siya ng kanyang mga magulang na isang Hudyo, Kristiyano, o

